Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagkilala sa pandiwa

Panuto: Ang *pandiwa* ay salitang nagpapahiwatig ng kilos o gawa. Bilugan ang pandiwa sa bawat pangungusap.

1. Maagang nagising si Gloria dahil sa malakas na tilaok ng tandang.
2. Binuksan niya ang pinto at mga bintana ng kanilang sala.
3. Si Ate Maria ay naghahanda ng masarap na almusal sa kusina.
4. Narinig ni Boyet ang ingay ng mga sasakyan sa labas.
5. Ang mga alagang aso ay masayang naghahabulan sa bakuran.
6. Ang mahiyain na kuting ay nagtatago sa likod ng aparador.
7. Si Itay ay umiinom ng mainit na kape sa beranda.
8. Sabay-sabay kumain ng almusal ang buong mag-anak.
9. Sa loob ng banyo nagsipilyo ng ngipin si Gloria.
10. Tinulungan ni Gloria ang kanyang bunsong kapatid.
11. Si Itay ang maghahatid kina Boyet at Gloria sa paaralan.
12. Ang dalawang bata ay nagpaalam sa kanilang magulang.
13. Mahigpit na niyakap sila ng kanilang inay.
14. Nakita ni Gloria ang kanyang mga kaibigan sa labas ng paaralan.
15. Sina Bea at Patricia ay masayang kumaway kay Gloria.
16. Nagkuwentuhan muna ang magkakaibigan sa gilid ng pasilyo.
17. Si Binibining Santos ang magtuturo ng *Science* ngayong araw.
18. Ang bagong eksperimento ay gagawin sa laboratoryo.
19. Ang mga patakaran sa laboratoryo ay sinusunod ng mga mag-aaral.
20. Dapat basahin nang maigi ang mga panuto sa manwal.